

Ang Tahimik na Pagmamahal

Juleah Mara A. Borillo

*Instructor I, Pangasinan State University-Urdaneta City Campus
Urdaneta City, Pangasinan*

juleahmara@gmail.com

Tungkol sa May-akda



Si **Juleah Mara A. Borillo** ay kasalukuyang Instruktor sa **Pangasinan State University – Urdaneta City Campus**, kung saan siya nagtuturo sa programang **Bachelor of Secondary Education (BSEd), Major in Filipino**. Nagtapos siya ng **Bachelor of Secondary Education, Major in Filipino** at nakamit ang **Master of Education in Communication, Major in Filipino**.

Bilang guro sa mataas na edukasyon, nakatuon siya sa pagpapaunlad ng kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa **wikang at panitikang Filipino**. Naniniwala siya na ang panitikan ay mahalagang salamin ng kultura, kasaysayan, karanasan, at pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng kaniyang pagtuturo at mga kagamitang pampagkatuto, hangad niyang mahubog ang mga mag-aaral upang maging **mapanuri, makabayan, at responsableng mamamayan**, gayundin ang patuloy na mapahalagahan at mapaunlad ang wikang Filipino.

Sa gitna ng kulimlim ng hapon, ang marahang pag-ikot ng mga talim ng bentilador ang tanging nagbibigay ng kapanatagan kay Liam. Sa bawat ikot nito, tila unti-unting humuhupa ang mga ingay na para sa ibang tao ay karaniwan lamang- kalabog ng mga pinto, ugong ng sasakyan sa labas, tahol ng aso, at mga tinig na nagkakapatong-patong.

Sa kabilang banda ng silid, nakatitig si Liam sa maliit na alkansiya sa ibabaw ng mesa. Isa-isa niyang binilang ang mga natitirang barya at tupi-tuping papel na pera, ang nalalabing pondo para sa susunod na sesyon ng therapy ni Liam. Napabuntong-hininga siya. Naalala niya ang dumaang linggo nang napahinto siya sa harap ng isang tindahan ng damit; kay tagal na rin mula nang bumili siya ng kahit ano para sa sarili. Ngunit sa tuwing titingin siya kay Liam, agad napapawi ang alinlangan. Bawat pisong kaniyang tinitipid ay isang tahimik na sakripisyong iniaalay para sa kinabukasang ninanais niya para sa kaniyang anak.

"Kailangan niyo lang po ng kaunting pasensya, Misis," alaala pa ni Elena sa malumanay ngunit mabigat na boses ng doktor noong araw na ibigay ang diagnosis. "May sariling ritmo ang mundo ni Liam. Ang hamon ay kung paano natin matututuhang pakinggan ang kaniyang wika."

Hindi naging madali ang paglalakbay. Sa tuwing lalabas sila patungong supermarket, ang matitinding ilaw at matutunog na gulat ng cashier ay nagdudulot ng sensory overload kay Liam. Sa gitna ng pamimili, madalas na napapaupo ang bata sa sahig habang nagtatakip ng tainga at umiiyak.

"Hindi man lang marunong magdisiplina ng anak," bulong ng isang babaeng nagtutulak ng cart sa tabi nila.

"Sana hindi na lang inilalabas kung ganyan kagulo," dagdag ng isa pa, na ang mga salita ay parang mga karayom na tumatagos sa puso ni Elena.

Ngunit hindi sumagot si Elena. Sa halip na magalit, lumuhod siya sa harap ng anak. Iniyakap niya ang kaniyang mga bisig sa nanginginig na katawan ni Liam, iniharang ang sarili sa mapanghusgang tingin ng lipunan. Ang kaniyang tahimik na yakap ang nagsilbing tanging kanlungan ng bata sa gitna ng ingay.

Dumating ang mga araw ng tahimik na pagsusumikap. Buwan-buwan, paulit-ulit na itinuturo ni Elena ang mga simpleng gawain. At isang umaga, habang naghahanda sila para sa therapy, may nangyaring hindi inaasahan.

Tahimik na umupo si Liam sa sahig. Gamit ang kaniyang maliliit na daliri, maingat niyang isinuot ang kaniyang mga paa sa kaniyang sapatos at dahan-dahang itinali ang laso. Isang simpleng kilos para sa iba, ngunit para kay Elena, ito ay isang tunay na himala. Nanginginig ang mga labi ni Elena habang napapaluha sa kagalakan.

Nang tumingala si Liam, hinarap niya ang paningin ng kaniyang ina. Sa loob ng ilang segundo, nagkaroon sila ng tapat at malalim na eye contact. Dahan-dahang itinaas ni Liam ang kaniyang maliit na kamay at hinawakan ang pisngi ni Elena, kasabay ng isang munting ngiti.

Walang boses na lumabas sa kaniyang bibig. Hindi binigkas ni Liam ang salitang "Mama," ngunit sa sandaling iyon, naramdaman ni Elena ang buong pagmamahal ng anak. Naintindihan niya na ang wika ni Liam ay hindi kailanman kailangang maging maingay. Ito ay wika ng puso, at sapat na iyon upang magdala ng walang katapusang pag-asa.